# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**



# MODYUL 14

# PATAKARAN SA PANANALAPI

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 14**

**PATAKARAN SA PANANALAPI**

Humihingi ka ba ng pera sa magulang mo? Bakit ba mahalaga ang pera? Kung gaano kahalaga sa iyo ang pagsasaayos ng pera mo ay ganito din ito kahalaga sa ating bansa.

Ang ganitong pagsasaayos ng pananalapi ng bansa ay hindi na kayang gampanan ng pamahalaan kung nag-iisa lamang, kaya kailangan niya ng patakaran sa pananalapi.

Sa modyul na ito ay tutulungan ka naming maintindihan mo ang patakaran ng pananalapi sa ating bansa.

May tatlong araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Kasaysayan ng Pananalapi sa Pilipinas
- Aralin 2: Paggawa at Gamit na Salapi sa Pilipinas
- Aralin 3: Institusyon ng Pananalapi sa Pilipinas

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maikukwento sa sariling salita ang kasaysayan ng pera sa bansa;
2. Maipaliliwanag ang paggawa ng salapi sa bansa;
3. Maiisa-isa ang iba't ibang gamit at tungkulin ng pera sa ekonomiya;
4. Makikilala ang iba't ibang institusyon ng pananalapi sa bansa; at
5. Mabibigyan ng pagpapahalaga ang mga bayaning nakalarawan sa ating mga salapi sa pamamagitan ng pagkilala.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT**

I. Panuto: Sagutin ang sumusunod sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga letra ng alpabeto na katapat ng bawat numero. A – 1, B – 2, C – 3…

1. Pinangangalagaan ang katatagan ng salapi sa bansa. Tinaguriang bangko ng mga bangko.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3 | 5 | | | 18 | | 12 | | 1 | | | | 7 | | | 5 | | 8 | | | 9 | | | | | 5 | 19 |
| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |

2. Ang paggamit ng anumang bagay tulad ng ginto, pilak, at tanso bilang instrumento ng palitan.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 3 | | 13 | | 15 | 4 | | | | 13 | | | | 25 |
| | | | | | | | | | | | | | |

3. Instrumento ng palitan ng kalakal at paglilingkod na tinatanggap ng mga tao.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 12 | | 16 | |
| | | | | | |

4. Nasa ganitong paraan sa kasalukuyan ang paggawa ng pera sa Pilipinas.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 12 | | | 9 | 20 | 1 | 4 | |
| | | | | | | | |

5. Tinatawag din itong *savings bank*.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 20 | 8 | 18 | | | 20 | 2 | | | 11 |
| | | | | | | | | | |

6. Inaasikaso ng bangkong ito ang mga pondo ng *charitable institutions*.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 20 | 18 | | | 20 | 3 | | 13 | 16 | | | 5 | 19 |
| | | | | | | | | | | | | |

7. Pinakamaliit na bangko. P2 milyon ang kailangang kapital upang maitatag. Naglalayong tulungan ang magsasaka upang magkaroon ng puhunan.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 18 | 21 | | | 12 | 2 | | | 11 |
| | | | | | | | | |

8. Ang akronim na ito ay may kahulugang "Pagtutulungan sa Kinabukasan – Ikaw, Bangko at Gobyerno".

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 16 | 1 | | - | 9 | | | 7 | 6 | 21 | | 4 |
| | | | - | | | | | | | | |

9. Itinatag noong 1946 sa Washington, D.C. na naglalayong tulungan na makabangon muli ang mga bansang napinsala ng digmaan at nangangailangan ng puhunan para sa pagpapaunlad ng ekonomiya.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 23 | 15 | | | 4 | 2 | | | 11 |
| | | | | | | | | |

10. Pamantayan sa paggawa ng pera na salaping papel at hindi na kailangan pang tumbasan ng anumang metal. Halimbawa nito ay ang Yen ng Japan, Pound ng Europa, Piso ng Pilipinas, at iba pa.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 16 | 1 | | 5 | 18 | | 20 | 1 | | 4 | | 18 | |
| | | | | | | | | | | | | |

II. Lagyan ng **S** kung totoo ang pahayag at **H** kung hindi totoo ang pahayag.

1. Ang *International Monetary Fund* (IMF) ay tumatayong *international cooperative*.
2. Ang ating salapi mula noon hanggang ngayon ay pareho. Hindi ito nagbago.
3. *Barter* ang paraan ng palitan ng produkto ng ating mga ninuno. Produkto kapalit ng produkto.
4. Ito ang ilan sa mga dahilan kung bakit ayaw ng maraming bansa ang paggamit ng salapi. Ito ay madaling makilala, tinatanggap ng lahat, madaling dalhin, at nahahati.

5. Madali lamang ang paggawa ng pera. Maaari itong gawin kahit saan at ng kahit sino.
6. Madaling makilala ang huwad na salapi.
7. Sa kasalukuyan ay kakikitaan ng larawan ng ating mga bayani ang lahat ng ating pera.
8. Ang bagong barya ay binubuo ng 75% na bakal.
9. Ang pagkontrol sa suplay ng salapi ay nakabubuti sa ating ekonomiya.
10. Kailangan lamang gumawa ng gumawa ng pera ang bansa upang mabigyang solusyon ang kahirapan.

**ARALIN 1**

**KASAYSAYAN NG PANANALAPI SA PILIPINAS**

May pera ka ba sa bulsa mo ngayon? Sino ang nakalarawan dito? Maaari mo ba itong gamitin sa ibang bansa? Ito na kaya ang salapi noong panahon bago pa ang iyong mga lolo at lola?

Lahat ng ito ay pipilitin nating alamin sa araling ito.

Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maisasalaysay ang kasaysayan ng salapi sa Pilipinas sa pamamagitan ng *info wheel* na ipapakita;
2. Makikilala ang iba't ibang uri at anyo ng pera na ginagamit sa lahat ng uri ng transaksyon sa ating ekonomiya;
3. Matutukoy ang mga umiral at umiiral na pamantayan sa paggawa ng salapi sa iba't ibang bansa; at
4. Mapahahalagahan ang ating mga bayani sa pamamagitan ng pagkilala sa kanila sa mga umiikot nating salapi sa bansa.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong.



Nakakita ka na ba ng ganitong mga pera? ________________________________

Ginagamit ba ito sa ating bansa? ____________________________________

Bakit hindi nagagamit ang iba sa mga perang nasa larawan? _______________

__________________________________________________________

Ano ang pagkakaiba ng ibang pera na nasa larawan sa pera na nasa bulsa mo? _____

__________________________________________________________

Nagbabago kaya ang pera? _______________________________________

__________________________________________________________

**Kasaysayan ng Salapi sa Pilipinas**

Ano ang ibig sabihin ng salapi o pera? Ito ay instrumento o gamit sa pagpapalitan ng kalakal at serbisyo.

Bago pa dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ay may *barter* na. Nakikipagpalitan na tayo ng kalakal sa kapwa Pilipino o maging sa mga taga-karatig bansa. Nagpapalitan sila ng produkto sa produkto. Maaaring ipampalit ang kahit na anong produkto noon tulad ng bigas, ginto, gulay, asin, at marami pang iba.

Ang unang barya sa Pilipinas ay nadiskubre ni Dr. Gilbert Perez at tinawag itong *penniform gold barter ring*. Hindi ito gawa sa Pilipinas.

Ang unang barya na gawa sa Pilipinas ay ginawa ng unang bangko sa Pilipinas. Ito ay ang *El Banco Espanol-Filipino de Isabel II*. Tinawag itong *Spanish Barilla*. Ang unang salaping papel ay tinawag na *Pesos Fuertes*. Tinatanggap din kasabay ng mga perang ito ang *Mexican Pillar Dollar* at *Dos Mundos* na nagmula sa ibang bansa. Nagkaroon din ng kakaibang hugis na pera noong panahon ng Kastila. Ito ay tinawag na *Hilis Kalamay*.

Naging gamitin ang barya sa ating bansa kaya pinagtibay ng *Philippine Coinage Act* ang *gold exchange standard* at muling binuksan noong *1920* ang *minting plant* sa Quezon City. Ito ang gumagawa ng ating barya katulong ang mga dayuhan bago pa ang World War II. Taong *1977* nang mag-solo itong gumawa ng sarili nating barya.

Panahon ng Hapon nang magpalabas ng maraming pera sa sirkulasyon ang *Puppet Government*. Naging dahilan ito ng implasyon at unti unting nawalan ng halaga ang piso na tinawag noong *Mickey Mouse Money*.

Taong *1949* naman nang itatag ang Bangko Sentral ng Pilipinas na nagpalabas ng salaping papel na may halaga mula sa piso hanggang 100 piso.

Sa panahon ng Bagong Republika ni Pangulong Marcos ay inalis ang pisong papel at pinalitan ng 2 piso.

Sa kasalukuyan ay may 500 at 1,000 pisong papel na ang Pilipinas sa sirkulasyon.

**Uri at Anyo**

1. **Commodity Money** – ito ay ang uri at anyo ng pera kapag gumagamit ng anumang bagay sa palitan tulad ng ginamit ng ating mga ninuno. Ang ginto, pilak, at tanso ay halimbawa ng commodity money. May *intrinsic value* (halaga ng metal) o *face value* (halagang isinulat o itinakda) ang lahat ng salapi.
2. **Credit Money** – ito ay anumang gamit na tinatanggap bilang bayad sa inutang na produkto o serbisyo. Ito ay ang mga *promissory notes*, tseke (papel na may nakasulat na halaga, bangko, at para kanino), *cash card* (tulad ng tseke, maaari din itong di tanggapin kung walang sapat na pondo), at *credit card*.
3. **Fiat Money** – ito ay salaping papel na may *face value*. Ito ay itinuturing na *legal tender* o may halaga dahil sa ginagarantiyahan ng pamahalaan ang paggamit nito sa lahat ng transaksyon. *Money Supply* ang tawag sa barya at perang papel na nasa sirkulasyon na ginagamit ng tao sa araw-araw.

**Pamantayan sa Paggawa ng Salapi**

1. **Commodity Standard**
    a. **Gold Standard** kapag ang *money supply* ay may katumbas at tinutubos ng ginto. Halimbawa, ang U.S. ay gumagamit ng pamantayang *gold coin* at *gold bullion standard*. Ang *gold coin* ay inilalabas nila sa sirkulasyon, samantalang ang *gold bullion* ay reserba ng pamahalaan.

    Tayo ay nasa ganitong *standard* sa panahon ng pananakop ng Amerikano. Tinawag din itong *gold exchange standard*. Ipinagamit din nila sa atin ang *dollar exchange standard*.

    b. **Silver Standard** kapag ang pamantayan ng halaga ng salapi ay pilak. Kasama din ang *silver coin standard* at *silver bullion standard*.

    Kapag ang isang bansa ay gumagamit ng ginto o pilak bilang pamantayan ng pananalapi, sila ay nasa *monometallic standard*. Kapag dalawang metal, ginto at pilak, sila ay nasa *bimetallic standard***.** Ang England ay dating nasa ganitong standard pero pinalitan nila dahil sa paliwanag ni *Sir Thomas Gresham***.** Ayon sa *Gresham's Law*, itinatago ng mga tao ang salaping may mataas na halaga ng metal. Nawawala ito at ang natitira ay ang *inferior money*.

2. **Non- Commodity Standard**
    a. **Paper Standard** - salaping papel na di na kailangang tumbasan ng kahit anong metal. Ito ay ang *managed currency standard* na sinimulang gamitin dahil mas madaling kontrolin ang dami nito sa sirkulasyon. Nangangailangan ang papel ng garantiya ng pamahalaan. Ang Pilipinas ay nasa ganitong pamantayan mula *1949*.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Kilalanin ang tamang sagot mula sa *info wheel*.




1. Unang baryang ginamit sa bansa. ________________________________
2. Salapi noong panahon ng Hapon. ________________________________
3. Unang salaping papel na ginawa sa bansa. ___________________________
4. Kalakalang produkto ang salapi. ________________________________
5. Salaping nakilala dahil sa kakaibang hugis. __________________________

B. Sagutan ang *puzzle*.



1. Pera sa sirkulasyon.
2. Anumang gamit na tinatanggap kapalit ng produkto o serbisyong nakuha.
3. Gumagamit ng ginto at pilak bilang batayan ng halaga ng salapi.
4. Halaga ng metal.
5. Gumagamit ng ginto o pilak bilang batayan ng halaga ng salapi.
6. Gawa dito ang perang nangangailangan ng garantiya ng pamahalaan bago magamit.
7. Standard na ginto ang batayan ng halaga ng salapi.
8. _______ Law, nagsabing di maganda sa ekonomiya ang *metallic standard*.
9. *Standard* na pilak ang batayan ng halaga ng salapi.
10. Tawag sa perang natitira sa sirkulasyon kapag itinago ng tao ang perang metal na may mas mataas na halaga.



**Tandaan Mo!**

- Kasaysayan ng Salapi sa Pilipinas:

Penniform Gold Barter – Spanish Barilla – Mickey Mouse – Bagong Lipunan – Kasalukuyang Pera

- Uri at Anyo:

Commodity – bagay ang gamit sa palitan. May face value o intrinsic value ito.

Credit – tseke, promissory notes, credit card

Fiat – salaping may legal tender

- Pamantayan sa Paggawa ng Salapi:

Commodity Standard – gold o silver, monometallic o bimetallic standard

Non-Commodity Standard – paper o managed currency standard tulad ng sa Pilipinas



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Panuto: Kilalanin ang ating salaping papel at barya sa pamamagitan ng pagsulat kung sino ang mga nakalarawan dito.

1. Singkuwenta Pesos - ____________________
2. Limang Piso - ____________________
3. Sampung Piso - ____________________
4. Piso - ____________________
5. Isandaang Piso - ____________________
6. Isanlibong Piso - ____________________
7. Limandaang Piso - ____________________
8. Dalawampu't limang sentimo - ____________________
9. Dalawampung Piso - ____________________
10. Dalawangdaang Piso - ____________________

B. Panuto: Kilalanin ang salapi sa ibang bansa. Isulat ang katawagan sa salapi ng sumusunod na bansa.

1. Japan - ____________________
2. Kuwait - ____________________
3. Saudi Arabia - ____________________
4. Korea - ____________________
5. Italy - ____________________
6. Amerika - ____________________
7. Indonesia - ____________________
8. China - ____________________
9. Thailand - ____________________
10. Singapore - ____________________

**ARALIN 2**


**PAGGAWA AT GAMIT NA SALAPI SA PILIPINAS**



Meron ka bang bagay na gustong-gusto ngayon? Bakit mo ito gusto? Paano ka magkakaroon nito? Ano ang kailangan mo para mabili ito? Sa mga bagay na gusto mo lang bang bilhin nagagamit ang pera? Mahalaga ba ito?

Tutulungan ka ng araling ito upang masagot ang mga tanong na ito.

Halika… Simula na tayo…



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maiisa-isa ang mga gamit ng salapi;
2. Maipaliliwanag ang sistema ng pagmomoneda sa Pilipinas;
3. Matutukoy ang iba't ibang sistema ng pagmomoneda; at
4. Makikilala ang mga barya sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagkukwento kung paano ito nagawa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Mula pa noong unang panahon marami ng sinubukan ang tao upang makuha nang maayos ang mga bagay na kailangan at gusto niya.

Mula sa una nating aralin napag-alaman nating ang unang paraan ng palitan ng kalakal ay sa pamamagitan ng produkto sa produkto o *barter*.

Hindi ito gaanong nagtagal dahil sa maraming dahilan. Mag-isip ka nga ng maaaring mangyari kung kailangan mong palitan ng bigas ang gustong-gusto mong *t-shirt*? Ilang kilo kaya ng bigas ang isang *branded shirt*?

Ito ang dahilan kung bakit naisipan ng taong gumamit ng salapi.

Isa-isahin natin ang mga gamit ng salapi.

**Gamit ng Salapi**

1. Instrumento ng palitan. Kaya kung marami kang gusto, maraming pera ang kailangan mo.
2. Pamantayan ng halaga. Para malaman ang tunay na *value* ng isang bagay nilalagyan ito ng halaga. Ang bigas ay P20 isang kilo, P450 ang isang *t-shirt*, at iba pa.
3. Pamantayan ng maaantalang pagbabayad. Ang pera ay ginagamit bilang tanda ng pangungutang at pagbabayad.
4. Reserba ng halaga. Lahat ng produkto ay hindi maaaring itago nang matagal dahil nagbabago ang halaga nito. Kaya pinauutang ang mga produkto at pinapalitan ito ng salapi. Salapi ngayon ang nagiging reserba ng halaga ng mga produkto.

Ngayong alam na natin ang gamit ng salapi, paano ba ito ginagawa? Bakit nagbabago ang laki at itsura nito?

Alamin naman natin ang paraan ng paggawa ng pera. Sistema ng pagmomoneda ang tawag dito.

**Sistema ng Pagmomoneda (*Coinage*)**

Ang Bangko Sentral ng Pilipinas lang ang may kapangyarihang mag-moneda at magpalabas ng *money supply*. Ang gagawin nitong pera ay ibabatay sa kakayahan at ari-arian ng Pilipinas. Isipin mo na lang kung marami ang binigyan ng karapatang gumawa ng pera. E, di iba-iba ang kulay at laki ng pera! Magiging madali rin ang *counterfeiting* sa ganitong sistema. Siguradong magulo ang palitan ng kalakal at serbisyo.

Ang pagmoneda ng salaping barya ay may tiyak na sukat, timbang, at pagkametal. Ang pag-imprenta ng salaping papel ay ginagamitan ng espesyal na papel mula pa sa ibang bansa.

**Uri ng Pagmomoneda**

**1. Limitado**

Pamahalaan ang mismong bumibili ng tiyak na dami ng metal at papel na gagamitin sa pagmomoneda. Ito ang paraang ginagamit ng Pilipinas ngayon. Nagpapakita lamang ng ganap na kapangyarihan ng pamahalaan ang sistemang ito.

**2. Di - limitado**


Kahit sino ay may pagkakataong magpagawa ng kahit gaanong kadami ng barya mula sa metal na dadalhin sa planta ng pagmomonedahan ng pamahalaan. *Free Coinage* ang tawag dito. Naglaho ang ganitong sistema dahil sa di magandang dulot nito sa ekonomiya.

Kapag pumayag ang pamahalaan na makagawa ng barya ang isang tao mula sa dala niyang metal, naniningil ito ng *brassage* (eksaktong gastos sa paggawa) o kaya ay *seignorage* (may tubo).

Paano kaya ginagawa ang mga pera natin ngayon?

**Bagong Barya sa Pilipinas**

Noong1977, nakagawa ng barya ang *Philippine Mint* sa Quezon City. Mula noon nagpapalit-palit na ang barya ng Pilipinas. Kapag nagpalit na ng bagong barya ang pamahalaan, nagbibigay lang ang Bangko Sentral ng petsa kung hanggang kailan maaaring gamitin at tanggapin sa bangko ang lumang barya. Kapag lumampas na sa panahon, *demonetized* na (wala ng halaga) ang mga ito. *Positive seignorage* ang tawag kapag mas mataas ang *intrinsic value* kaysa *face value* ng barya. Halimbawa, noong 1995, P2.55 ang ginastos ng pamahalaan sa pag-prodyus ng piso. *Negative seignorage* kung mas mataas ang *face value* kaysa *intrinsic value* nito. Halimbawa, ang baryang piso sa *money supply* ngayong 2005 ay ginastusan lang ng .64 ang produksyon.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Isulat kung tama o mali ang sumusunod na pahayag. Kung mali, isulat ang tamang sagot.

1. Sa Pilipinas kahit sino ay pwedeng magmoneda.
2. Ang *seignorage* ay bayad sa eksaktong halagang ginugol ng pamahalaan sa paggawa ng barya.
3. Dahil sa sistema ng pagmomoneda natin ngayon ay napakahirap malaman ang mga perang *counterfeited*.
4. Tanging ang *Philippine Mint* sa Quezon City ang gumagawa ng barya sa Pilipinas mula pa noong 1977.
5. *Negative Seignorage* ang barya natin ngayon.
6. Walang masyadong gamit ang salapi kaya hindi ito mahalaga sa pag-unlad ng ekonomiya.
7. Ang lahat ng bangko kasama ang Bangko Sentral ay maaaring mag-imprenta ng perang papel ng Pilipinas.
8. *Coinage* ang tawag sa paggawa ng pera na may sinusunod na tiyak na timbang.
9. *Demonitized* ang tawag sa pera kapag di na ito tatanggapin pa sa pamilihan o bangko.
10. Limitado ang uri ng pagmomoneda sa Pilipinas.



**Tandaan Mo!**

- Gamit ng salapi:
  - Istrumento ng palitan;
  - Pamantayan ng halaga;
  - Pamantayan ng maaantalang pagbabayad; at
  - Reserba ng halaga
- Sistema ng Pagmomoneda (*Coinage*) ng Bangko Sentral

  Uri ng Pagmomoneda:
  - Limitado (Pamahalaan lang ang gumagawa ng pera.)
  - Di-limitado (*Free coinage* o kahit sino pwedeng magpagawa. Naniningil ang pamahalaan ng *brassage* o *seignorage*.)
- Barya sa Pilipinas

  Ginagawa sa *Philippine Mint* sa Quezon City mula pa 1977. *Demonitized* ang perang di na tinatanggap sa palitan at bangko. Maaari itong *negative* o *positive seignorage*.



**Gawain 3: Paglalapat**

Panuto: Bilugan ang ☺ kung kasiya siya ang pahayag at ☹ kung di kasiya-siya ang mga pahayag.

1. Maliliit na barya tulad ng 5 at 10 sentimo ngayon ☺ ☹
2. Nag-iisang *Minting Plant* sa Quezon City ☺ ☹
3. Paggawa ng maraming pera ng Bangko Sentral ☺ ☹
4. Pagpaparusa sa mga taong nagkakalat ng *counterfeited* na mga pera ☺ ☹

5. Pagpapalit ng mga lumang pera sa sirkulasyon ☺ ☹

6. Paggamit ng mumurahing materyales sa paggawa ng barya ☺ ☹

7. Iba't ibang uri ng barya na ginagamit ng tao ☺ ☹


8. Nagkalat sa bansa ang mga pekeng pera ☺ ☹

9. Pagtanggal ng 5 at 10 sentimo sa sirkulasyon ☺ ☹

10. Pagbalik ng sistemang *barter* o palitan ng produkto sa produkto ☺ ☹

**ARALIN 3**
**INSTITUSYON NG PANANALAPI SA PILIPINAS**

 "[Type Lesson Overview here]"

 Matapos ang araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maiisa-isa ang uri ng bangko sa Pilipinas;
2. Makapagbibigay ng halimbawa ng iba't ibang uri ng bangko; at
3. Mapahahalagahan ang mga institusyong di bangko sa pamamagitan ng pagkilala sa mga ito.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Sagutin ang tanong:

Sang-ayon ka ba na “Sa ikauunlad ng bayan… Bangko ang kailangan?” Pangatwiranan ang sagot.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________.

**Institusyon ng Pananalapi**

***Bangko***

1) ***Thrift Bank*** – tinatawag na *savings bank*. Kabilang dito ang a) Savings and Loan Association na nagpapahiram at nagpapautang; b) *Private Development Bank* na pinahihiram sa mga *small and medium scale industry* ang deposito ng tao; c) *Savings and Mortgage Bank* na tumatanggap ng sanla sa pangungutang.

2) ***Commercial Bank*** – kilala ngayon bilang *unibanking* (*universal banking*) o *expanded commercial banks*. Tumatanggap ng lahat ng uri ng deposito (*savings*, *time*, at *demand*). Nagpapautang ng lahat ng uri ng utang (puhunan, *housing*, *auto*, at iba pa) Tumatanggap ng *letter of credit*, *bill of exchange*, at tseke.

3) ***Rural Bank*** – may pinakamaliit na puhunang 2 milyong piso. Layunin nitong tulungan ang magsasaka at industriya sa lalawigan.

4) ***Trust Companies*** – inaasikaso nito ang pondo at ari-arian ng taong walang kakayahang pangalagaan ang pera niya (ng bata, menor de edad, at may kapansanan). Gayundin ang sa simbahan at *charitable institutions*.

5) ***Espesyal na Bangko***

*Land Bank of the Philippines (LBP)* - pangunahing layunin ang pagpapatupad ng reporma sa lupa

*Development Bank of the Philippines (DBP)* - tumutulong sa pagpapaunlad ng ating ekonomiya sa pamamagitan ng pag-alalay sa mga *small and medium scale industries*. Nagpapautang ito nang may mababang interes sa maliliit na negosyante.

*Al Amanah Islamic Investment Bank of the Philippines* - may pangunahing layunin na tulungan ang mga nangangailangang Muslim

6) ***Bangko Sentral***


6.1 Naitatag sa Pilipinas noong Enero 3, 1949 sa bisa ng Batas Republika 265. May kapital na P 50 Bilyong piso. Si Miguel Cuaderno ang unang CB governor.
6.2 Bangko ng mga bangko dahil ito ay nagpapautang sa mga bangko
6.3 Nag-iisyu at pinanggagalingan ng salapi
6.4 *Chief banker* at tagapayo ng pamahalaan
6.5 Pag-aaring publiko dahil ito ay sa pamahalaan
6.6 Tagapamahala sa reserbang dayuhang salapi, ginto, at ang pagbabayad ng utang panlabas at panloob
6.7 Layunin nito ang mapatatag ang pananalapi at presyo sa bansa, alagaan ang palitan at *international value* ng piso, at mapataas ang produksyon, empleyo, at kita.
6.8 *Monetary Board* ng BSP – 1 *governor* ng CB, 1 *cabinet member*, at 5 miyembro ng pribadong sektor

***Institusyong Di- Bangko***

1) ***Government Service Insurance System (GSIS)*** – nagkakaloob ng seguro, pensyon, pautang, at dibidendo sa mga kawani ng pamahalaan. Kumukuha ito ng pera mula sa kontribusyon ng mga kasapi nito at mga negosyo.

2) ***Social Security System (SSS)*** – ahensyang pang-seguro ng pribadong sektor. Tinatanggap nitong kasapi ang may tiyak na trabaho, boluntaryong kasapi, *self-employed*, at maging katulong sa bahay at magsasaka.

3) ***PAG-IBIG FUND*** – *Pagtutulungan sa Kinabukasan – Ikaw, Bangko at Gobyerno* - Itinatag upang matulungan ang mga kasaping magkaroon ng sariling bahay. Manggagawang *private*, *public*, at *overseas* ay pwedeng maging kasapi nito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

I. Tukuyin ang sumusunod mula sa pinaghalong letra sa kahon.

1. Isa sa mga uri ng savings bank. Tumatanggap ng sanla sa pangungutang.

| |
|---|
| B N K A V N G S A I S<br>D N A E G A G M T O R |

2. Bangkong naglalayong tulungan ang mga magsasaka. May pinakamaliit na puhunang 2 milyong piso.

| |
|---|
| L B A U A<br>N K R R |

3. Itinatag para maipatupad ang Reporma sa Lupa.

| |
|---|
| L B P O F A N K H I L I N<br>N D A E T H P P P I S E |

4. Bangko para sa mga simbahan at *charitable institutions*.

| |
|---|
| E N I S T R S<br>P A M O C U T |

5. Isa pang tawag sa Bangko Sentral.

| |
|---|
| A E E I<br>C B H F N K R |

II. Punuin ang patlang para mabuo ang paghahambing.

1. Pribado: SSS; Publiko: ________________________________________
2. Safekeeper ng reserbang dolyar: Central Bank; Unibanking: ______________
3. Bangkong katulong ng pamahalaan sa pagpapaunlad: ____________________; Bangkong tumutulong sa pangangailangan ng Muslim: Al Amanah Islamic Bank of the Philippines
4. Bangko: Trust Companies; ______________________________: PAG-IBIG FUND
5. Gawain ng Bangko Sentral: Mag–isyu at panggalingan ng salapi; ___________________________________: Mapanatili ang katatagan ng presyo

**Tandaan Mo!**



**Bangko Sentral**

**Institusyon ng Pananalapi**

**BANGKO**

1. Thrift
2. Commercial
3. Rural
4. Trust Companies

nagpapaimpok at nagpapautang

**DI-BANGKO**

1. GSIS
2. SSS
3. PAG-IBIG

tumatanggap ng kontribusyon at nagpapautang



**Gawain 3: Paglalapat**

Magbigay ng sariling opinyon tungkol sa mga sumusunod.

1. Mahalaga ba ang bangko sa pag-unlad ng bansa? Bakit mo nasabi?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano makatutulong ang isang mag-aaral na tulad mo sa pagpapaunlad ng pagbabangko sa ating bansa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________


   ______________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ang mga sumusunod ay pangunahing kaisipan na dapat mong tandaan tungkol sa modyul na ito:

- Ang ating salapi ay dumaan sa pagbabago. Mula sa penniform gold barter ring – Spanish barilla at pesos fuertes – mickey mouse money – pera sa panahon ng bagong lipunan - kasalukuyang pera.
- May 3 uri ang pera: commodity, credit, at fiat.
- Ang paggawa ng pera ay maaaring commodity o non-commodity. Ginto at Silver ang ginagamit sa bimetallic commodity standard. Ginto o silver kapag monometallic standard. Paper Standard ang ginagamit sa non-commodity standard.
- Ang Pagmomoneda ay maaaring limitado o di limitado. Maaaring magbayad ng brassage o seignorage sa di limitadong pagmomoneda.
- May 2 institusyon ng pananalapi, ang bangko at di bangko. Bangko ng mga bangko ang tawag sa Bangko Sentral. Thrift, Commercial, Rural, Trust, at Espesyal ang uri ng mga bangko. Special bank na maituturing ang Land Bank, Development Bank at Al Amanah ng mga Muslim. Institusyong di bangko naman ang SSS, GSIS, at PAG-IBIG Fund.




**PANGHULING PAGSUSULIT:**

I. Tukuyin kung nakatutulong o nakasasagabal ang mga sumusunod sa ekonomiya. **NT** kung nakatutulong; **NS** kung nakasasagabal.

1. Holdapan sa bangko.
2. Pagsasara ng mga maliliit na bangko.
3. Kumikita ang mga negosyo ng trust companies.
4. Pagpapaliban ng pagbabayad ng utang panlabas ng bansa.
5. Mabagal na pagproseso ng loan ng GSIS.
6. Pagdaragdag ng banking hours.
7. Pagtaas ng interes ng mga utang sa bangko.
8. Pagdami ng small and medium scale industries na nanghihiram sa ADB.
9. Pagtaas ng piso laban sa dolyar.
10. Dumami ang taong nag-iimpok sa bangko.

II. Isulat sa paligid ng salaping papel ang mga gamit ng pera.




III. Pagkilala. Ilagay sa mga kahon ang tinutukoy ng mga pahayag.

1. Unang Central Bank Governor.

2. Unang perang papel na nagawa sa Pilipinas.

3. Pera noong panahon ng pananakop ng Hapon.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

4. Salaping papel na may value dahil sa ginarantiyahan ito ng pamahalaan.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

5. Pamantayan sa paggawa ng pera na maaaring monometallic o bimetallic.

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

6. Tanging tagagawa ng barya sa Pilipinas.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

7. Naitatag noong Enero 3, 1949. May 50 bilyong pisong kapital.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

8. Unang barya sa Pilipinas.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

9. Tawag sa mga pera na nawalan na ng halaga, hindi tatanggapin ng bangko at mga tindahan.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|

10. Kasama ng gobernador ng Central Bank at 5 taga-pribadong sektor bilang Monetary Board ng Bangko Sentral ng Pilipinas o BSP.

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|



## GABAY SA PAGWAWASTO

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

I.

1. Central Bank of the Philippines
2. Commodity Standard
3. Salapi
4. Limitado
5. Thrift Bank
6. Trust Companies
7. Rural Bank
8. Pag-ibig Fund
9. World Bank
10. Paper Standard

II.

1. S
2. H
3. S
4. H
5. H
6. H o S
7. H
8. H
9. S
10. H

**ARALIN 1 KASAYSAYAN NG PANANALAPI SA PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Isangguni sa guro ang sagot.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

1. penniform gold barter ring
2. Mickey Mouse money
3. Spanish fuertes
4. barter
5. hilis-kalamay

B.

1. money supply
2. salapi
3. bimetallic
4. intrinsic
5. monometallic
6. paper o papel
7. gold
8. Greshams
9. silver
10. inferior

**Gawain 3: Paglalapat**

A.

1. Sergio Osmeña
2. Emilio Aguinaldo
3. Apolinario Mabini
4. Dr. Jose Rizal
5. Manuel Roxas
6. Abad Santos, Vicente Lim, Josefa Llanes Escoda
7. Benigno Aquino
8. Simbolo ng BSP
9. Manuel Quezon
10. Diosdado Macapagal

B.

1. Yen
2. Dinar
3. Rial
4. Won
5. Euro
6. U.S. Dollar
7. Rupee
8. Yuan
9. Baht
10. Singapore Dollar

**ARALIN 2 PAGGAWA AT GAMIT NA SALAPI SA PILIPINAS**


**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**


Isangguni sa guro ang sagot.


**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**


1. M
2. M
3. M
4. T
5. T
6. M
7. M
8. T
9. T
10. T


**Gawain 3: Paglalapat**


1. 


2. 


3. 



4. 


5. 

6. 

7. 

8. 

9.  o 

10. 

**ARALIN 3 INSTITUSYON NG PANANALAPI SA PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Isangguni sa guro ang iyong sagot.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

I.
1. Savings ang Mortgage Bank
2. Rural Bank
3. Land Bank of the Philippines
4. Trust Companies
5. Chief Banker

II.
1. GSIS
2. Commercial Bank
3. Development Bank of the Philippines o DBP
4. Di–Bangko
5. Layunin ng Bangko Sentral

**Gawain 3: Paglalapat**

Isangguni sa guro ang sagot.

**PANGHUILNG PAGSUSULIT**

I.

1. NS
2. NS
3. NT
4. NT
5. NS
6. NT
7. NS
8. NT
9. NT
10. NT

II. *(in any order)*

instrumento ng palitan

pamantayan ng halaga

pamantayan ng naantalang

kabayaran

reserbang halaga

III.

1. Miguel Cuaderno
2. Pesos Fuertes
3. Mickey Mouse Money
4. Fiat Money
5. Commodity Standard
6. Philippine Mint
7. Bangko Sentral ng Pilipinas
8. Spanish Barilla
9. Demonitized
10. Miyembro ng Gabinete